# 4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Patnubay ng Guro

DEPED COPY

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikaapat na Baitang**
**Patnubay ng Guro**
**Unang Edisyon 2015**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176 na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Tanging mga institusyon at kompanyang nakipagkontrata sa FILCOLS at yaong nakasaad lamang sa kasunduan, ang maaaring kumopya mula dito sa Patnubay ng Guro. Ang hindi nakipagkontrata sa FILCOLS ay dapat, kung ninanais makakopya, makipag-ugnay nang tuwiran sa mga tagapaglathala at sa mga may-akda.

Maaaring tumawag sa FILCOLS sa telepono blg. (02) 439-2204 o mag-email sa filcols@gmail.com ang mga may-akda at tagapaglathala.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD
Direktor IV: Marilyn D. Dimaano, EdD

DEPED COPY

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Patnubay ng Guro**

**Mga Manunulat: Entrepreneur & ICT –** Eden F. Samadan, Marlon L. Lalaguna, Virgilio L. Laggui, Marilou E. Marta R. Benisano; **Home Economics –** Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera; **Agriculture –** Teresita B. Doblon, Ma. Shirley A. Macawile, Ernesto R. Abletes, Judy R. Rondina; **Industrial Arts –** Shiela Mae R. Roson, Roberto B. Torres, at Randy R. Emen

**Mga Konsultant:** Mona T. Sasing, Cherrypyn B. Barbacena, PhD, Anicia M. Lorica, at Werson R. De Asis, PhD

**Mga Tagaguhit: Entrepreneur & ICT –** Anife S. Angelo; **Home Economics –** Sharlyn P. Sanclaria; **Agriculture –** Mar G. Agustin; **Industrial Arts –** Jayson M. Gaduena, Fermin M. Fabella, at Eric C. De Guia

**Mga Tagatala:** Erwin Karl I. Antido at Ron Ralph Kenneth L. Ocampo

**Mga Naglayout:** Phoebe Kay B. Doñes, Paola Joy B. Doñes, at John Ralph G. Sotto

**Mga Tagapamahala:** Glenda M. Granadozin, Rogelio O. Doñes, EdD, Marilette R. Almayda, PhD, at Marilyn D. Dimaano, EdD

**Inilimbag sa Pilipinas ng Vibal Group, Inc.**
**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Department of Education

# Information and Communication Technology





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Entrep Aralin 1

# ANG PAGBEBENTA NG PRODUKTO

**I. NILALAMAN:**

Tatalakayin sa araling ito ang pamamaraan ng pagbebenta ng mga produktong ninanais na pagkakitaan sa pag-e*entrepreneur*. Ito ay upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga pamamaraan sa pagbebenta ng produkto upang ang negosyong pinasok ay kumita at umunlad.

**II. LAYUNIN:**

1. Naiisa-isa ang pamamaraan sa pagbebenta ng produkto
2. Natatalakay ang mga produktong naibebenta sa pag-e*entrepreneur*
3. Nagagawa ang sama-samang gawain

**III. PAKSANG ARALIN:**

**Paksa:** Surbey ng Produkto sa Pamilihan
**Sanggunian:** Batayang Aklat sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan
**Kagamitan:** mga larawan ng uri ng paninda

DEPED COPY

**IV. PANIMULANG PAGTATASA:**

Alam mo ba na maaari kang kumita sa mga produktong galing sa mga hayop? Malaking tulong sa pamilya at sa pamayanan kung ang mga produktong ito ay mapag-uukulan ng maayos na pamamahala.

Ikaw bilang isang mag-aaral ay dapat tumulong sa wastong pamamahala ng mga produktong ito.


**V. PAMAMARAAN:**

A. PAGGANYAK

Pagmasdang mabuti ang larawan sa loob ng mga talulot. Piliin kung alin dito ang madaling ibenta sa pamilihan at magbigay ng tala ng kikitain:



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.





DEPED COPY

Pumili ng talulot. Sabihin kung bakit ito ang napili at ano ang gagawin sa perang kinita.

B. PAGLALAHAD

Ipakita ang larawan. Ipasuri at ipauri ang bawat produkto. Isulat sa tapat ng larawan ang halaga ng bawat isa.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

Gabayan ang mga mag-aaral. Sumulat ng isang talata tungkol sa "Wastong Pamamahala ng Produkto." (Isulat sa isang hiwalay na papel.)

D. PAGLALAHAT

Sa pagpili ng ating binabalak na negosyo, kailangang isaalang-alang natin ang mga pamamaraan ng pagbebenta nito. Dapat nating tingnan kung ito ba ay madali at mabilis gawin upang maging maalwan ang ating kilos sa pagtitinda.

**VI. PAGTATAYA:**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod:

- Sagutin ang tanong at isulat ang sagot sa papel.
- Paano mapananatiling mataas ang uri ng mga produkto sa pagbebenta?
- Magsaliksik sa kasalukuyang presyo ng karneng manok at itlog. Gumawa ng talaan ng kuwenta kung ikaw ay kikita sa kasalukuyang presyo.
- Kapanayamin ang isang tindera tungkol sa mga umiiral na pagbebenta ng produkto.

DEPED COPY

**VII. PANGWAKAS NA PAGTATASA:**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod:

- Lagyan ng tsek ang nadarama kung sang-ayon o di-sang-ayon ayon sa mga sitwasyon.

| **Sitwasyon** | **Sang-ayon** | **Di-sang-ayon** |
|---|---|---|
| 1. Ang ina ni Perla ay tindera ng karne. Hindi niya inilagay ang karne sa palamigan dahil abalang-abala siya sa ibang ginagawa. | | |
| 2. Matapos makuha ang itlog sa pugad ay pinagbubukod-bukod ito ayon sa laki. Pagkatapos ay isinasalansan ang mga ito sa trey. | | |
| 3. Si Mang Gil na may bakahan ay nagbebenta nang lansakan at por kilo ng karneng baka sa pamilihang bayan. | | |
| 4. Ang isang mag-anak ay uunlad kung pabaya sa pag-aalaga ng mga hayop. | | |
| 5. Ang gatas ay kailangang painitan bago ilagay sa boteng isterilisado ang sabi ng nanay ni Joy. | | |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**VIII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN:**

Magmasid sa inyong pamilihan. Kapanayamin ang isang *entrepreneur* kung paano nila pinamamahalaan at iniingatan ang kanilang ipinagbibiling produkto. Saan sila kumukuha ng puhunan? Ilahad ito sa klase.

Entrep Aralin 2

## KATANGIAN NG ENTREPRENEUR

**I. NILALAMAN:**

Sa araling ito, tatalakayin ang mga katangian ng isang *entrepreneur* upang maging gabay at pamarisan ng mga mag-aaral na nagnanais maging *entrepreneur* sa hinaharap.

**II. LAYUNIN:**

1. Naiisa-isa ang mahahalagang katangian ng isang *entrepreneur*

2, Naipagmamalaki ang mga katangian ng isang *entrepreneur*

3. Nakikilala ang sariling kakayahan na magagamit sa paghahanap buhay

DEPED COPY

**III. PAKSANG ARALIN:**

**Paksa:** Katangian ng *Entrepreneur*

**Sanggunian:** Batayang Aklat sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan,

**Kagamitan:** mga larawan

**IV. PANIMULANG PAGTATASA:**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod:

1. Ano-ano ang gawain sa pamamahala ng tindahan?
2. Ano ang mangyayari kung ang isa rito ay hindi mo gagawin?
3. Dapat bang gawin ang mga gawain upang ang isang tindahan ay hindi malugi? Bakit? Maiiwasan ba natin ang pagkalugi sa pagtitinda? Paano?

**V. PAMAMARAAN:**

A. PAGGANYAK

Ipakita ang mga larawan ng mga gawain kaugnay sa pamamahala ng tindahan. Paraan ng pagtatala ng paninda at produktong ibebenta.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

B. PAGLALAHAD

Tanungin ang mga bata kung sino sa kanila ang may tindahan. Ipakuwento kung ano ang kanilang paninda.

Sa ibang bata na hindi nakasali, itanong ito:

Naranasan na ba ninyo na bumili sa tingiang tindahan sa inyong pamayanan? Ano ang inyong nabili?

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

I-grupo ang klase sa tatlo. Isadula kung paano maipapakita ang iba't ibang pamamaraan ng pamamahala at pagtala ng paninda. Talakayin ang isinadula.

Ipaguhit sa tatlong pangkat: Semi-permanenteng tindahan at lumilibot na tindahan. Sumulat ng tatlong pangungusap tungkol dito. Ibahagi ang iginuhit na uri ng tingiang tindahan at ipahayag ang pangungusap tungkol dito.

D. PAGLALAHAT

Hikayatin ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kaisipan na: Ang mga tindahan ay magkakaiba. Meron di-permanente at permanente. Ang di-permanente ay umaalis at lumilipat sa ibang lugar depende sa kanilang mga kostumer. Ang permanente naman ay nakaperme sa isang lugar lang.

DEPED COPY

**VI. PAGTATAYA:**

Itanong sa mga bata kung anong katangian ng *entrepreneur* ang tinutukoy sa bawat sitwasyon.

1. Pinahahalagahan nang wasto at maayos ang mga produktong paninda.
2. Nagpapataw ng halaga sa orihinal na presyo ng produkto.
3. Binibigyan ng pagkakataon makabili ng iba pang bagay ang mga mamimili.
4. Ginagamit ang perang kinita sa importanteng bagay.
5. Ang mabababang mamimili ang laging pinapahalagahan.

**VII. PANGWAKAS NA PAGTATASA:**

Ibigay ang mga hinihinging impormasyon. Ipagawa ito sa mga mag-aaral.

| Katangian ng Isang *Entrepreneur* | Gawain sa Pamamahala ng Negosyo | Pagtatala ng mga Paninda |
|---|---|---|
| | | |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**VIII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN:**

Ipagawa ito sa mga mag-aaral.

Isabuhay ang sitwasyon. Ipagpalagay natin na may malapit na negosyo sa inyong tahanan. Nakikita mo na maraming bumibili sa kanila. Ngunit paglipas ng isang linggo tumaas ang bilihin dito. Ano ang maisasagot mo sa sumusunod:

1. Sa palagay mo, ano ang naging epekto ng pagtaas ng presyo sa mamimili?
2. Ano-ano ang mga katangian ng may-ari ng tindahan?
3. Makakatulong kaya ito sa pagsulong ng kabuhayan ng bawat isa?
4. Ano ang pansarili mong kuro-kuro ukol dito?

Entrep Aralin 3

## ANG IBA'T IBANG URI NG NEGOSYO

**I. NILALAMAN:**

Sa araling ito, tatalakayin ang iba't ibang uri ng negosyo na maaaring pasukin ninuman. Tatalakayin ang iba't ibang paraan upang maitayo ang ninanais na negosyo.

DEPED COPY

**II. LAYUNIN:**

1. Naiisa-isa ang uri ng negosyo sa pamayanan
2. Naibabahagi ang sariling karanasan sa pagbili

**III. PAKSANG ARALIN:**

**Paksa:** Iba't Ibang Uri ng Negosyo

**Sanggunian:** Batayang Aklat sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

**Kagamitan:** mga larawan ng iba't ibang uri ng negosyo

**IV. PANIMULANG PAGTATASA:**

Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:

- Napansin mo ba na ang bawat negosyo ay laging gumagamit ng mga salitang may *personal touch*?
- Ano-ano ang naranasan mong mga pangyayaring may *personal touch* kapag ikaw ay bumibili sa isang restawran?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

**V. PAMAMARAAN:**

A. PAGGANYAK

Ipaawit ito: (sa tono ng "Leron Leron Sinta")

**Tindahan ni Inay**

Sa aming pamayanan
Ang tingian tindahan,
May sariwang isda
May gulay na masustansiya
prutas na makulay
dagdagan pa ng pansahog
tindahan ng aking inay
laging bago ito.

- Ano ang nabanggit na tinda ng kaniyang ina? Bakit kaya ito ang itinitinda ng kaniyang ina? Paano ito itinitinda? Marami kaya ang bumibili? Ano ang tawag sa tindahang ito? Magpakita ng larawan.

B. PAGLALAHAD

DEPED COPY

- Tanungin ang mga mag-aaral kung sino ang may tindahan sa kanila. Ipaulat kung ano ang kanilang paninda.
- Sa ibang mag-aaral na hindi nakasali, itanong ito:

  Naranasan na ba ninyo na bumili sa tindahan sa inyong pamayanan? Ano ang inyong nabili? Anong uri ng tindahan ang inyong nabilhan?

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

Mahahalagang Gawain sa Pamamahala ng Tindahan

Sa pag-unlad ng tindahan, ang sumusunod ay kailangang malaman at isabuhay sa pamamahala ng tindahan:

1. Maayos at Malinis na Pananamit – palaging maging kaaya-aya ang anyo sa mamimili. Kailangan din malusog ang pangangatawan sa maghapong pagsisilbi at pakikitungo sa iba't ibang mamimili.
2. Pamimili ng mga Ititinda – ang pangangailangan ng mamimili ang isaalang-alang sa pagpili ng paninda. Ang bilihin ay hango sa pinakamababang halaga.
3. Pagsasaayos ng Paninda – ayusin ayon sa uri ang paninda, lagyan ng tamang presyo. Magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa mga produktong itinitinda upang madali itong maipakilala sa mga mamimili.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Itanong: May mga maidaragdag pa ba kayong gawain sa pamamahala ng tindahan? Magbigay ng tatlo at Ilagay ito sa *scroll-up graphic organizer.*



D. PAGLALAHAT

1. Pangkatin ang klase sa tatlo. Isadula kung paano maipapakita ang pamamahala ng tindahan.

2. Sumulat ng tatlong pangungusap tungkol dito. Ipahayag ang pangungusap tungkol dito.

**VI. PAGTATAYA:**

DEPED COPY

Kung ikaw ay isang tagapamahala ng isang tindahan ilarawan mo ang iyong sarili bilang isang taong may kasanayan sa pamamahala. Gumawa ng *portfolio* sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga ginupit na larawan ng tindahan, sumulat ng tatlo hanggang limang pangungusap na naglalarawan sa iyong pangarap na tindahan.

**VII. PANGWAKAS NA PAGTATASA**

**VIII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN:**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod:

1. Magmasid sa inyong pamayanan at itala ang iba't ibang tindahan na makikita sa pamayanan at ang uri ng kanilang mga paninda.
2. Base sa iyong naitalang tindahan, pumili ng isa at kapanayamin ang namamahala. Itanong ang sumusunod at iulat sa klase:
   - Sino ang may-ari ng tindahan?
   - Ano ang pangunahing paninda?
   - Paano ipinagbibili ang mga paninda?
   - Ano ang nagagawa ng tingiang tindahan sa kanilang pamilya?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Entrep
Aralin 4

# MGA ENTREPRENEUR SA KOMUNIKASYON AT TEKNOLOHIYA

**I. NILALAMAN:**

Sa araling ito, pag-uusapan at iisa-isahin ang mga matagumpay na *entrepreneur* sa iba't ibang larangan. Tatalakayin ang pagkakatulad ng kanilang mga katangian na naging susi sa kanilang tagumpay**.**

**II. LAYUNIN:**

1. Naiisa-isa ang mga kilalang *entrepreneur* sa iba't ibang larangan
2. Napaghahambing ang mga matagumpay na *entrepreneur*
3. Naisasagawa ang pangkating gawain

**III. PAKSANG ARALIN:**

**Paksa:** Matagumpay na mga *Entrepreneur*

**Sanggunian:** Batayang Aklat sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

**Kagamitan:** larawan ng mga *entrepreneur* sa *internet*

DEPED COPY

**IV. PANIMULANG PAGTATASA:**

Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:

- Gumagamit ka ba ng *internet*?
- Kilala mo ba ang mga nasa larawan?
- Alam mo ba kung ano ang kanilang nagawa kung kaya't may *internet* kang nagagamit ngayon?

**V. PAMAMARAAN:**

A. PAGGANYAK

- Sino-sino ang makapagbibigay ng halimbawa ng mga *website* sa *internet*?

B. PAGLALAHAD

Pangkatin ang mga bata sa apat na grupo. Bumuo ng disenyo ng *website* gabay ang mga tanong na sumusunod:

1. Ano ang pangalan ng inyong *website*?
2. Bakit pinili ninyo ang pangalang ito?
3. Ano ang disenyo ng inyong *website*? Gumuhit ng *logo*.
4. Sino-sino ang gagamit ng inyong *website*?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

Batay sa nabasang mga talata, isulat sa kuwaderno ang sagot. Ibigay ang mga impormasyong hinihingi ng tsart, kung saan pupunan natin ang mga hinihinging impormasyon upang lubos nating maunawaan ang ating tinalakay.

| *Mga Entrepreneur* sa *Internet* | **Kompanya** | **Pagkakaiba** | **Pagkakapareho** |
|---|---|---|---|
| | | | |


D. PAGLALAHAT

Pangkatin ang klase sa apat. Mag-interbyu ng sampung (10) mag-aaral sa inyong paaralan. Alamin kung anong *website* ang kanilang laging binibisita tuwing nag-i*internet*, kolektahin ang mga datos at gumawa ng tsart o *graph* gamit ang *computer* para maidetalye ang pinakakilalang *websites*.

Mga gabay na tanong:

1. Gumagamit ka ba ng *internet?*
2. Anong *search engines* (*hal.* Google, Mozilla, Firefox at Microsoft) ang iyong ginagamit tuwing nag-i*internet?*
3. Nakapanood ka na ba ng *video* sa YouTube?
4. Nakapag-*upload* ka na ba ng iyong sariling *video* sa YouTube?
5. Mayroon ka bang *profile* sa Facebook?
6. Anong *social networking sites* pa ang iyong ginagamit sa *internet*?
7. Ano sa mga ito ang iyong paborito at bakit?

Halimbawa ng tsart:




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

## VI. PAGTATAYA:

Isulat sa kuwaderno ang titik ng wastong sagot.

1. Si ____________ang nagtatag ng Facebook, ang pinakasikat na *social networking site* na nag-umpisa sa Estados Unidos.

   a. Chad Hurley — c. Sergey Brin
   b. Steve Chen — d. Mark Zuckerberg

2-3. Ang nasa __________na estudyante at mga________ ay gumagamit ng Facebook para makipag-usap sa kanilang kaibigan.

   a. elementarya — c. kolehiyo
   b. hayskul — d. *kindergarten*

4. Nagsimula ang Facebook noong ______, sa Harvard University na nasa Cambridge, Massachusetts.

   a. 2004 — c. 2010
   b. 2008 — d. 2009

5. Ito ay isang *site* kung saan puwede ng mag-*upload* ng *profile.*

   a. Google — c. Facebook
   b. Yahoo — d. YouTube

DEPED COPY

6. Noong Nobyembre 2006, naibenta ito sa halagang ___________.

   a. 1.20 bilyong dolyar — c. 5 bilyong dolyar
   b. 1.8 bilyong dolyar — d. 1.65 bilyong dolyar

7. Sinimulan ito ng dalawang *graduate student* ng Stanford University.

   a. Yahoo — c. YouTube
   b. Google — d. Facebook

8. Ang tatlong *websites* ay makikita sa _______ ?

   a. diyaryo — c. libro
   b. telebisyon — d. *internet*

9-10. Sino-sino ang nagtatag ng Google?

   a. Chad Hurley — c. Sergey Brin
   b. Larry Page — d. Jawed Kim




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

## VII. PANGWAKAS NA PAGTATASA:

Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod:

Kompletuhin ang Venn Diagram na nasa ibaba. Batay sa tatlong talata na nabasa, talakayin ang mga katangian na kakaiba sa isang *entrepreneur*, o ng dalawang *entrepreneur* at ng kalahatan. Ilagay ito sa *manila paper* ipakita ito sa harapan ng klase.




DEPED COPY

## VIII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN:

Ipasaliksik sa mga bata ang iba't ibang *entrepreneur* sa *internet* at gawin itong kliping. Pangkatin sa apat ang mga estudyante, pumili ng isa at ipakilala ito sa klase gamit ang *commercials* na napapanood sa telebisyon.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

Entrep
Aralin 5

# MATAGUMPAY NA MGA ENTREPRENEUR SA ATING BANSA

`

## I. NILALAMAN:

Sa araling ito, matututuhan ng mga mag-aaral ang mga *entrepreneur* na naging matagumpay sa ating bansa. Malalaman nila ang mga katangiang taglay ng bawat *entrepreneur* kaya sila ay naging matagumpay. Ang mga katangiang ito ay maaaring gayahin o maging aral sa bawat estudyante kung nais nilang pasukin ang larangang ito.

## II. LAYUNIN:

1. Naiisa-isa ang matatagumpay na *entrepreneur* sa ating bansa
2. Napapahalagahan ang mga kuwento ng tagumpay na naranasan sa pamamagitan ng indibidwal at sama-samang pagkilos
3. Natutukoy ang mga pamaraang maaaring magamit para sa tagumpay

DEPED COPY

## III. PAKSANG ARALIN:

**Paksa:** Matagumpay na mga *Entrepreneur* sa Ating Bansa

**Sanggunian:** Batayang Aklat sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

**Kagamitan:** larawan ng mga *entrepreneur* sa ating bansa

## IV. PANIMULANG PAGTATASA:

Magpapakita ang guro ng mga larawan ng mga matatagumpay na *entrepreneur.*

Kilala ba ninyo ang mga nasa larawan?

Alam ba ninyo kung ano ang kanilang mga negosyo?

## V. PAMAMARAAN:

A. PAGGANYAK

Sino-sino ang makapagbibigay ng iba't ibang negosyo na kanilang pagmamay-ari?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

B. PAGLALAHAD

Pangkatin ang mga bata sa apat na grupo. Bawat pangkat ay pipili ng isang *entrepreneur* na tatalakay sa Alamin Natin, ipasaliksik ang kanilang talambuhay at ipaulat ito sa klase.

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

Ayon kay Dr. Stephen Krauss, dapat nating tandaan ang limang elemento ng tagumpay.

1. **VISION –** marapat na ating tukuyin kung ano ang gusto nating marating sa buhay.
2. **ESTRATEHIYA –** upang matupad natin ang ating pangarap sa buhay ay dapat na mayroon tayong malinaw na plano at tutunguhin sa ating pangarap.
3. **PAGTITIWALA SA SARILI** – kailangan nating magkaroon ng paniniwala sa sarili nating kakayahan. Dapat nating alamin ang magaganda nating katangian na tutulong sa atin upang makamit natin ang ating pangarap sa buhay.
4. **PAGTITIYAGA** – "Kung may tiyaga, may nilaga." Ito ang kasabihan na dapat nating tandaan. Ang mga kasawian natin sa buhay ay dapat na hindi maging dahilan upang panghinaan ng loob. Ipagpatuloy natin ang pagtitiyaga dahil ito ay susi sa tagumpay.

DEPED COPY

5. **PAGTUTUWID SA PAGKAKAMALI** – Kailangang matuto sa mga naging maling hakbang at isagawa ang mga pagtatama sa pagkakamali.

May mga maidaragdag ka bang elemento na iyong natutuhan sa mga kuwentong iyong nabasa sa modyul na ito? Magbigay ng tatlo:

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________

D. PAGLALAHAT

Magbigay ng limang aral na maaaring matutuhan sa iba't ibang mga kuwento ng tagumpay na natutuhan.

1. ______________________________________________________
2. ______________________________________________________
3. ______________________________________________________
4. ______________________________________________________
5. ______________________________________________________



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

## VI. PAGTATAYA:

A. Ipasulat sa mga mag-aaral ang titik ng wastong sagot sa malinis na papel.

1. Ito ay tumutukoy sa pagtupad ng ating gustong marating sa buhay.

   a. Estratehiya  c. *Vision*
   b. Pagtitiwala sa Sarili  d. Pagtitiyaga

2. Ito ang kasabihan na dapat nating tandaan. Ang mga kasawian natin sa buhay ay dapat na hindi maging dahilan upang panghinaan ng loob. Ipagpatuloy natin ang pagtitiyaga dahil ito ay susi sa tagumpay.

   a. Pagtitiyaga  c. Pagtitiwala sa Sarili
   b. *Vision*  d. Pagtuwid sa Pagkakamali

3. Isang katangiang maganda na tutulong sa atin upang makamit natin ang ating pangarap sa buhay.

   a. *Vision*  c. Pagtitiwala sa Sarili
   b. Estratehiya  d. Pagtitiyaga

4. Ito ay pagkatuto sa mga maling hakbang at maisasagawa ang mga pagtatama sa pagkakamali.

   a. Pagtitiyaga  c. Pagtitiwala sa Sarili
   b. *Vision*  d. Pagtutuwid sa Pagkakamali

DEPED COPY

5. Kailangan nating magkaroon ng paniniwala sa sarili nating kakayahan. Dapat nating alamin ang magaganda nating katangian na tutulong sa atin upang makamit ang ating pangarap sa buhay.

   a. Pagtitiyaga  c. Pagtitiwala sa Sarili
   b. *Vision*  d. Pagtuwid sa Pagkakamali

## VII. PANGWAKAS NA PAGTATASA:

Ang sumusunod ay mga Pilipinong naging matagumpay sa buhay sa kabila ng kanilang kahirapan. Isulat ang pangalan ng mga Pilipinong naging matagumpay sa Hanay A na inilarawan sa Hanay B.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
|  **Henry Sy** | Namatay ang ama ni Alfredo Yao nang 12 taon pa lamang siya. Dahil siya ang panganay sa anim na magkakapatid, kailangan niyang tumulong sa ina na isang *sidewalk vendor*. Naglako sila ng kaniyang ina sa sugalan ng mga Tsino. Sa kabila ng hirap, nakatapos si Yao ng elementarya at hayskul hanggang kolehiyo. Sa tulong ng mga kamag-anak, nakatapos siya ng *engineering*. |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

| | |
|---|---|
|  **Manny Villar** | Nagmula sa mahirap na pamilya kaya't nang bata pa lang ay tumutulong-tulong na siya sa kanyang ina at lola para magtinda ng suka, saging, bakya, at iba pa sa palengke ng Sta. Cruz, Laguna. Noong nag-aaral pa siya, kapag bakasyon ay pumapasok din siya sa iba't ibang uri ng trabaho. |

| | |
|---|---|
|  **Tony Tan Caktiong** | Pinakamayamang negosyanteng Pilipino na nagmamay-ari ng Asia Brewery, Allied Bank, Philippine Airlines, at Fortune Tobacco. Siya ay galing sa mahirap na pamilya mula sa Amoy, Fujian, China. Siya ay nagtrabaho habang nag-aaral upang masuportahan ang kaniyang pamilya. |
|  **Socorro Ramos** | May-ari ng Jollibee. Tinaguriang Best Filipino *Entrepreneur*. Ipinanganak siya sa Davao. Sa tatay niyang tagaluto natutuhan ang masarap na pagkain at pagiging mapagkumbaba. Matapos ang kaniyang pag-aaral sa kolehiyo ay nagtayo siya ng tindahan ng *ice cream*. Naisipan niyang samahan ito ng *spaghetti* at tinawag niya ang kaniyang tindahan na Jollibee. Ang *bee* o bubuyog ay kilala sa pagiging masipag. Naniniwala siya na dapat maging masaya ang tao sa kaniyang trabaho, ito ang dahilan kung bakit Jollibee ang itinawag niya sa kaniyang tindahan. |
|  **Lucio Tan** | Nanggaling sa mahirap na pamilya. Nagtinda sa palengke upang mapag-aral ang sarili. Nagnegosyo sa *real estate* na nagbebenta ng murang bahay para sa mahihirap. Siya ang may-ari ng Camella Homes. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.

| | |
|---|---|
| <br>**Alfredo Yao** | Siya ang may-ari ng SM Malls. Nagmula sa isang mahirap na pamilya mula Xiamen, China. Nagpunta siya sa Maynila sa edad na 12 upang hanapin ang kaniyang ama. Napaluha siya nang makita ang ama sa mahirap na kalagayan. Naglako siya ng sapatos na napalago bilang *shopping mall*. |

Ang iba pang *entrepreneurs* ay makikita sa LM.

**VIII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN:**

Ipabasa ang sumusunod na sitwasyon. Ipasagot ang mga tanong.

Nawalan ng hanapbuhay ang iyong mga magulang. Dahil kapos sa pera, laging nag-aaway ang iyong mga magulang. Sila ay nagsisisihan at nagsusumbatan kung sino ang may mali. Kapuwa sila nawalan ng lakas ng loob. Ang tatay mo ay natutong uminom ng alak habang ang nanay mo naman ay naglalabada upang may panggastos sa araw-araw. Ano ang iyong gagawin? Magbigay ng limang hakbang na iyong maisasagawa na nagpapakita ng paglalapat ng mga natutuhan mo sa mga nakaraang aralin.

DEPED COPY

A. ______________________________________________________
B. ______________________________________________________
C. ______________________________________________________
D. ______________________________________________________
E. ______________________________________________________



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying without written permission from the DepEd Central Office.